

Ang Pangprobinsiyang
Kard ng Ulat (Report Card) ng Manitoba

Impormasyon
para sa
Mga Magulang

B A I T A N G 1 H A N G G A N G 8



Nagpakilala ang Manitoba Education ng pangprobinsiyang kard ng ulat na kailangang gamitin ng lahat ng mga dibisyon ng paaralan simula sa taon ng paaralang 2013/2014.

Pangkalahatan

Bakit may bagong kard ng ulat?

Ang pamahalaan ng Manitoba ay nagpakilala ng bagong pangprobinsiyang card ng ulat upang pabutihin ang kalidad ng edukasyon sa Manitoba at upang bumuo ng mas matitibay na pagsososyo sa mga mag-aaral, kanilang mga guro at mga magulang.

Sa nakaraan, ang mga kard ng ulat ay magkakaiba sa bawat dibisyon ng paaralan at, sa ilang mga pagkakataon, sa mga paaralan sa loob ng parehong dibisyon. Ang bagong pangprobinsiyang kard ng ulat ay sisiguro na ang mga magulang ay makakakuha ng hindi nagbabago at malinaw na impormasyon tungkol sa kung gaano kahusay natututo ang mga anak nila, anong mga hakbang ang makakatulong na mapabuti ang pagtuto at ano ang magagawa nila upang makatulong.

Madali bang maunawaan ang kard ng ulat?

Ang kard ng ulat ay nakasulat sa payak na wika. Sinasabi nito sa iyo ang tungkol sa kung saan mahusay ang anak mo at kung saan kailangan ng suporta ng iyong anak. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kard ng ulat, maaari kang makipag-usap sa guro ng iyong anak.

Ang pangprobinsiyang kard ng ulat ba ay pareho para sa lahat ng mga antas ng baitang?

Mayroong tatlong format ng kard ng ulat: isa para sa Baitang 1 hanggang 6, isa para sa Baitang 7 at 8 at isa para sa Baitang 9 hanggang 12.

May mga komento ba ng guro sa kard ng ulat?

Oo. Magsusulat ng mga komento ang mga guro tungkol sa trabaho at asal ng anak mo sa paaralan. Tutulungan ka ng mga komentong maunawaan ang pagganap ng anak mo at paano suportahan ang pagtuto ng iyong anak.

Paano tatasahan ang aking anak?

Ang mga marka sa akademikong nakamit ay nagpapakita sa husay ng pagganap ng mga mag-aaral sa mga layunin ng curriculum sa natutunan. Tinutukoy itong pagmamarkang sinangguni-sa-pamantayan. Ang mga marka sa akademikong nakamit ay hindi batay sa pagganap ng anak mo kapag hinambing sa ibang mga mag-aaral. Ang mga salik katulad ng pag-uugali, pagsusumikap at asal ay hiwalay na inuulat mula sa akademikong nakamit. Habang nauunawaan na ang mga salik na ito ay nakakaapekto sa akademikong nakamit at samakatuwid sa mga marka, ang hiwalay na pag-ulat dito ay magbibigay sa mga magulang ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga kahusayan ng kanilang anak at mga lugar na kailangang mapabuti.

Nagbibigay ang mga guro sa mga mag-aaral ng maraming paraan upang ipakita ang kanilang mga kahusayan at pag-unawa sa isang paksa. Ang mga markang nakamit sa pangkalahatan ay nagpapakita sa pinakamakailan at hindi nagbabagong akademikong nakamit ng iyong anak. Halimbawa, nangangahulugan ito na ang mababang marka sa isang asignatura na binigay sa bandang umpisa ng termino ay maaaring hindi isaalang-alang kapag inaalam ang marka ng iyong anak para sa katapusan ng termino kung sa kalaunan ay panay na nagpapakita siya ng mas mahusay na pag-unawa o kahusayan sa larangang iyong.

Maaari bang "bumagsak" (umulit) sa isang baitang ang aking anak?

Oo. Ang pagpasya kung pananatiliin o isusulong ang mag-aaral sa batay sa maingat na pagtatasa ng iba't-ibang mga salik, kasama, bukod sa ibang mga bagay ang katibayan ng progreso at pag-unlad ng mag-aaral. Ang mga desisyon sa pagsulong ay ginawa ng punong-guro ng paaralan, na sumasangguni sa mga guro, magulang at ibang mga espesyalista ayon sa naaangkop. Ang mga desisyon upang panatiliin o isulong ang mag-aaral ay laging ginagawa sa pinakamahusay na interes ng mag-aaral.

Kailan maipapauwi ang kard ng ulat?

Ang mga kard ng ulat ay pinauwi sa taglagas, sa tagsibol at sa katapusan ng taon ng paaralan.

Makakakuha ba ako ng impormasyon mula sa mga guro sa ibang panahon?

Oo. Ang kard ng ulat ay isa paraan lang upang makipagkomunika sa mga magulang. Kasama sa ibang mga paraan ang mga tawag sa telepono, mga e-mail, mga hindi pormal na ulat ng progreso, mga pulong ng magulang at guro, mga komperensiyang pinamumunuan ang mag-aaral at mga newsletter ng paaralan.

Ano ang dapat kong gawin kung nag-aalala ako tungkol sa pagganap ng anak ko sa paaralan?

Kausapin ang guro ng iyong anak. Makakatulong gumawa ng listahan ng mga larangang nahihirapan ang anak mo. Tanungin ang guro kung paano kayo makakapagtulungan upang matulungan ang anak mong magtagumpay.



Sa dokumentong ito, ang terminong mga magulang na ay tumutukoy sa mga magulang o mga tagapag-alaga.

Programming ng mag-aaral

Ang *programming* ng anak mo ay tumutukoy sa kung sumusunod siya sa curriculum ng antas-ng-baitang o hindi, o ibang programming na partikular na dinesenyo upang mas mahusay na matugunan ang kanyang mga pangangailangan sa pag-aaral.

Kung ang anak mo ay hindi sumusunod sa antas-ng-baitang na curriculum sa isang paksa, tutukuyin ng kard ng ulat kung alin sa sumusunod na tatlong uri ng programming ang angkop.

1. IEP programming

Tinutukoy ng “IEP” ang indibiduwal na planong pang-edukasyon. Ang mag-aaral na hindi inaasahang makatugon sa mga layunin sa pag-aaral sa antas-ng-baitang sa isang paksa ay magkakaroon ng indibiduwal na planong pang-edukasyon na nagsasalarawan sa kanyang mga indibiduwal na layunin sa pag-aaral. Ang mga marka na matatanggap ng mag-aaral na ito sa kard ng ulat ay sumasalamin sa mga layunin sa pag-aaral na angkop para sa indibiduwal na mag-aaral na iyon at ang mga layuning iyon ay malinaw na nakabalangkas sa planong ng mag-aaral.

Ang pantukoy na “IEP” ay maaari din gamitin kapag ang mag-aaral ay makabuluhang nagtatrabaho nang lagpas sa antas-ng-baitang sa isang larangan ng paksa, at ang IEP ay nasa lugar para dito. Katulad ng nasa itaas, ang mga markang matatanggap ng mag-aaral sa kard ng ulat ay sasalamin sa mga layunin sa pag-aaral ng mag-aaral ayon sa nakabalangkas sa plano.

2. EAL programming

Ang “EAL” ay tumutukoy sa Ingles bilang karagdagang wika na programming. Ang mag-aaral sa mga unang yugto ng Ingles bilang karagdagang wika ay tututok sa pag-aaral ng Ingles sa larangan ng paksang iyon. Ang mga marka na matatanggap ng mag-aaral na ito sa kard ng ulat ay batay sa balanse ng mga layunin sa pag-aaral sa larangan ng wika at paksa na angkop sa antas ng pag-unlad ng wika ng indibiduwal na mag-aaral na iyon.

3. L programming

Ang “L” ay tumutukoy sa programming sa kaalaman sa French, at pinatutupad sa programang *Français* lamang. Ang mag-aaral na kailangang ng karagdagang suporta upang paunlarin ang kalamang French language upang matagumpay na sundan ang pangprobinsiyang curriculum ay maaaring tumutok sa pag-aaral ng French sa konteksto ng larangan ng paksang iyon. Ang mga marka na matatanggap ng mag-aaral na ito sa kard ng ulat ay batay sa balanse ng mga layunin sa pag-aaral sa larangan ng wika at paksa na angkop sa antas ng pag-unlad ng wika ng indibiduwal na mag-aaral na iyon.

Sa halimbawa mula sa kard ng ulat ng Baitang 1 hanggang 6 sa ibaba, makikita mo kung nasaan ang uri ng programming ayon sa tinukoy ng “x.” Kung walang nakatukoy, ang anak mo ay sumusunod sa antas-ng-baitang na mga layunin sa pag-aaral ng curriculum. Kasama rito ang mga kaso kung saan mga pag-aayon ang anak mo.



Ang terminong pag-aayon ay tumutukoy sa pagbabagong ginawa sa proseso ng pagtuturo, mga materyales, asignatura, o mga produkto ng mag-aaral upang tulungan ang mag-aaral na makamit ang mga inaasahang kalalabasan ng pag-aaral.

Mathematics		Teacher:		
<input type="checkbox"/> EAL <input checked="" type="checkbox"/> IEP		Term 1	Term 2	Final
Knowledge and understanding				
Mental math and estimation				
Problem solving				
Comments:				
<div style="border: 1px solid black; padding: 5px; display: inline-block;">Pinapakita dito ang <i>Programming</i></div>				

• Akademikong pagkamit ng mga pangprobinsiyang inaasahan

• Baitang 1 hanggang 6

• Sa Baitang 1 hanggang 6, ang sumusunod na *iskala ng marka mula 1 hanggang 4* ay ginamit sa mga kard ng ulat upang ipakita ang akademikong nakamit ng anak mo para sa bawat kategorya ng paksa (ipinaliwanag sa ibaba) sa loob ng bawat paksa.

Grade Scale	Academic Achievement of Provincial Expectations	
4	Very good to excellent understanding and application of concepts and skills	
3	Good understanding and application of concepts and skills	
2	Basic understanding and application of concepts and skills	
1	Limited understanding and application of concepts and skills; see teacher comments	
ND	Does Not yet Demonstrate the required understanding and application of concepts and skills; see teacher comments	
Additional Codes	NA	Not Applicable
	IN	Incomplete: not enough evidence available to determine a grade at this time

One of the following codes is used if the expectations for a student are different from the grade-level curriculum in a subject.	
EAL (English as an Additional Language)	Achievement is based on expectations that focus on English language learning.
IEP (Individual Education Plan)	Achievement is based on expectations that reflect special learning needs.

• Nasa ibaba ang isang halimbawa ng kard ng ulat ng Baitang 1 hanggang 6 ng iskala ng marka na ito para sa mag-aaral na kumukuha ng matematika na may EAL na programming sa Termino 2. Pansinin na ang bawat indibiduwal na kategorya ng paksa ay nakakatanggap ng sarili nitong marka mula sa iskala.

Mathematics		Teacher:				
		<input checked="" type="checkbox"/> EAL	<input type="checkbox"/> IEP	Term 1	Term 2	Final
				3	2	
				2	3	
				3	3	
Comments:						
		Programming	Kategorya ng Paksa	Kasalukuyang Termino		

• Mga kategorya ng paksa

• Ang mga kategorya ng paksa ay mga larangan ng kaalaman at kahusayan sa bawat paksa na kinukuha ng anak mo sa paaralan. Binibigyan ka nila ng mas mahusay na pag-unawa ng pag-aaral ng anak mo. Ang mga kategorya ng paksa ay nakakatulong na linawin sa mga magulang ang "ano" ng pag-aaral ng mag-aaral. Dinesenyo sila upang maging bahagi ng pagtuturo, pag-aaral at pagtasa sa lahat ng mga larangan ng paksa, hindi lang kapag ang ilang mga paksa ay tinuturo.



Akademikong pagkamit ng mga pangprobinsiyang inaasahan

Baitang 7 at 8

Sa Baitang 7 at 8, bilang karagdagan sa *iskala ng marka mula 1 hanggang 4*, isang porsiyento ng iskala ay ginamit sa paglaan ng kabuuang marka ng paksa. Nilalayan itong makatulong sa paglipat sa mga kard ng ulat ng mataas na paaralan kung saan ang kabuuang mga marka sa paksa ay binibigay para sa bawat paksa, gamit ang porsiyentong iskala, upang ibuod ang nakamit ng mag-aaral habang nagkakaroon ng mga kredito ang mga mag-aaral patungong pagtatapos. Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita kung paano ang dalawang iskala ng marka ay nauugnay sa isa't-isa.

Academic Achievement of Provincial Expectations	
Grade Scale	Descriptor
4 80% to 100%	Very good to excellent understanding and application of concepts and skills
3 70% to 79%	Good understanding and application of concepts and skills
2 60% to 69%	Basic understanding and application of concepts and skills
1 50% to 59%	Limited understanding and application of concepts and skills; see teacher comments
ND Less than 50%	Does Not yet Demonstrate the required understanding and application of concepts and skills; see teacher comments



Ang sumusunod na halimbawa mula sa Baitang 7 at 8 na kard ng ulat ay nagpapakita ng mag-aaral na kumukuha ng agham sa regular na antas-ng-baitang na curriculum programming sa Termino 2, at tatlong kategorya ng paksa sa loob ng paksang iyon. Pinapakita din nito ang tatlong asal sa pag-aaral, na mas detalyadong nakasalarawan sa ibaba.

Science				Teacher:			
<input type="checkbox"/> EAL		<input type="checkbox"/> IEP		<input type="checkbox"/> IEP			
Academic Achievement	Term 1	Term 2	Final	Learning Behaviours	Term 1	Term 2	Term 3
Knowledge and understanding	3	2		Personal management skills	U	U	
Scientific inquiry process	3	3		Active participation in learning	C	U	
Design process and problem solving	4	4		Social responsibility	S	C	
Overall grade	78%	70%	%				
Comments:							
Ito ang mga <i>kategorya ng paksa</i>				Ito ang mga <i>asal sa pag-aaral</i>			

Mga asal sa pag-aaral

Bilang karagdagan sa pag-ulat ng akademikong nakamit, ang mga kard ng ulat ay nagpapakita din ng pagsusumikap at ugali ng anak mo sa klase, inulat sa ilalim ng "Mga Asal sa Pag-aaral (Learning Behaviours)," ayon sa nakalarawan at isinasalarawan sa mga halimbawa sa nakaraang pahina at sa ibaba.

Sa Baitang 1 hanggang 6, ang mga asal sa pag-aaral ay inulat minsan sa kard ng ulat ng iyong anak (para sa lahat ng paksa). Sa Baitang 7 at 8, inuulat sila para sa bawat paksa kinukuha ng iyong anak. Ang IEP ay tutukuyin kung ang anak mo ay may indibiduwal na planong pang-edukasyon na may mga layuning kaugnay ng mga asal sa pag-aaral.

Learning Behaviours	
Scale	
C: Consistently – almost all or all of the time	
U: Usually – more than half of the time	
S: Sometimes – less than half of the time	
R: Rarely – almost never or never	
Personal management skills	Uses class time effectively; works independently; completes homework and assignments on time
Active participation in learning	Participates in class activities; self assesses; sets learning goals
Social responsibility	Works well with others; resolves conflicts appropriately; respects self, others and the environment; contributes in a positive way to communities

Sa mga estudianteng nasa programang French Immersion, dapat ang kanilang pagkaturo sa student's engagement ay ang paggamit din ng French.



Ang mga asal sa pag-aaral ay hindi direktang kasama sa mga marka ng mag-aaral, ngunit makakaapekto sila sa kanilang akademikong pagkamit. Ang pag-unlad ng mga positibong asal sa pag-aaral ay maaaring magresulta sa tagumpay sa hinaharap ng mga mag-aaral habang sumusulong sila sa mga buhay nila sa loob at labas ng paaralan. Kung independiyenteng nagtatrabaho ang mga mag-aaral, nagsisimula at nireesperto ang mga pinahalagahan sa silid-aralan, ang mga kahusayang ito ay malilipat sa maraming ibang bahagi ng kanilang buhay.

Para sa karagdagang impormasyon

Bumisita sa website ng Manitoba Education para sa karagdagang impormasyon tungkol sa

- natututunan ng anak mo sa **magkakaibang laranagang paksa:**
www.edu.gov.mb.ca/k12/cur/parents/ (English Program)
www.edu.gov.mb.ca/k12/cur/parents/fr_imm/ (French Immersion Program)
www.edu.gov.mb.ca/m12/progetu/parents/ (Français Program)
- mga patakaran at gabay sa **pagtatasa ng mag-aaral:**
www.edu.gov.mb.ca/k12/assess/
- ang **pangprobinsiyang kard ng ulat:**
www.edu.gov.mb.ca/k12/assess/report_cards/index.html

Malugod na tatanggapin ang input mo

Ikaw man ay magulang o tagapag-alaga, tagpagturo, mag-aaral o interesadong miyembro ng komunidad, ang tugon mo sa bagong kard ng ulat ay mahalaga. Sa kabuuan, sa palagay mo ba ay malinaw at nagbibigay ng impormasyon ang kard ng ulat? May mga bahagi ba ng kard ng ulat na maaari pang pabutihin?

Kung nais mong magbigay ng mga mungkahi, mangyaring ipadala sila sa address sa ibaba o bumisita sa tinukoy na website at punan at isumite ang online na feedback form.

Koreyong Feedback	Online na Feedback
Provincial Report Card Feedback Manitoba Education 1567 Dublin Avenue Winnipeg MB R3E 3J5	www.edu.gov.mb.ca/k12/assess/report_cards/feedback.html